

Benepisyong Botika 2021: Papalitan ng Medi-Cal Rx

Simula Enero 1, 2021, ang benepisyong inyong botika ay ibibigay sa pamamagitan ng Department of Health Care Services (DHCS) sa halip ng Partnership HealthPlan of California (PHC). Ang inyong mga reseta ng gamot ay saklawin ng Medi-Cal Rx.

Mahalaga: Ito ay hindi magbabago ng inyong pagiging karapat-dapat o mga benepisyong Medi-Cal.

Ano ang magbabago?

Malamang, hindi mo mapapansin ang pagbabago kung paano mo makukuha ang inyong gamot. Para sa mga serbisyo ng botika sa o pagkatapos ng Enero 1, 2021, karamihan sa mga tao ay maaaring makakagamit ng parehong botika na gamit nila ngayon.

Ang DHCS ay nakikipagtulungan sa PHC, mga doktor, at mga botika upang siguraduhin na sila ay handang maglilingkod sa inyo. Gusto naming bawasan ang mga pagkagambala sa inyong pangangalaga.

Kung ikaw ay karapat-dapat sa kapwa Medicare at Medi-Cal, sasaklawin ng Medi-Cal Rx ang mga reseta na hindi saklaw ng Medicare. Makipag-usap sa inyong doktor kung ikaw ay mayroong anumang mga tanong.

Magbabago ba ang aking mga gamot?

Karamihan sa mga tao ay hindi magbabago ng mga gamot.

Kapag ang inyong kasalukuyang gamot ay nangangailangan ng pag-apruba, ituloy ang pakikipagtulungan sa iyong doktor. Kailangan ng inyong doktor na makakuha ng mga pag-apruba sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx para sa inyong mga gamot simula Enero 1, 2021.

Magbabago ba ang aking botika?

Karamihan sa mga botika sa California ay makikipagtulungan sa Medi-cal Rx. Tawagan ang Medi-Cal Member Help Line sa (800) 541-5555, TTY (800) 430-7077, upang magtanong kung ang inyong botika ay tumatangap ng Medi-Cal Rx.

Paano kung nangangailangan ako ng tulong sa paghahanap ng botika sa o pagkatapos ng Enero 1, 2021?

Simula sa Disyembre 2020, maaari mong gamitin ang Medi-Cal Rx Pharmacy Locator online sa www.Medi-CalRx.dhcs.ca.gov.

Simula Enero 1, 2021, ang Medi-Cal Rx Call Center sa (800) 977-2273, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo o 711 para sa TTY, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. – 5 p.m.



KATANUNGAN?

Sa o bago ang Disyembre 31, 2020:

Kung ikaw ay may kalahatang tanong tungkol sa Medi-Cal Rx, tawagan ang Medi-Cal Member Help Line sa (800) 541-5555, TTY (800) 430-7077, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Kung ikaw ay mayroong katanungan tungkol sa inyong kasalukuyang gamot o ibang mga serbisyo ng botika, tawagan ang PHC Member Services sa (800) 863-4155, TTY (800) 735-2929 o 711, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Sa o pagkatapos ng Enero 1, 2021:

Maaari mong tawagan ang Medi-Cal Rx Call Center sa (800) 977-2273, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo o 711 para sa TTY, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Maaari ka rin mag-email sa DCHS sa RxCarveOut@dhcs.ca.gov. Siguraduhin na maisulat mo na ikaw ay may tanong tungkol sa Medi-Cal Rx. **HUWAG** maglagay ng personal na impormasyon, tulad ng numero inyong Medi-Cal ID o petsa ng kapanganakan, sa inyong unang email. Ang kawani ng DHCS ay tumutugon sa isang ligtas na email na humihiling ng inyong impormasyon kung ito ay kinakailangan.